## P37.1-B NINAKAW SA GOBYERNO PAHINA 4


# Publiko NEWS PUBLISHING

**Impormasyon at Dokumentaryo**


VOL.I NO.16 * NOBYEMBRE 27 - DISYEMBRE 3, 2023 * P20.00







# KILLER QUAKE YUMANIG SA SOUTH MINDANAO



PUBLIKO REPORTORIAL TEAM

(Larawan mula sa Tribune India)

**MALAKANYAN, Maynila — Sa opisyal na pahayag, tiniyak ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. na ginagawa ang lahat ng pamahalaan para aktibong tumugon sa lindol na naganap kamakailan sa katimugang Mindanao.**

"In these challenging times, my commitment to your safety and recovery is unwavering, and I have instructed every relevant government agency to fully contribute to ongoing efforts," wika ng pangulo. *(sundan sa pahina 3)*

## WEIGHT-LOSS DRUG MAKAKAIGI SA MAY MGA KARAMDAMAN SA PUSO PAHINA 3



**Bagong Pinay Pop Singer.** Nanguna ang nag-iisang Pinay contender Sophia Laforteza (pangalawa sa kanan) para magwagi sa 'The Debut: Dream Academy' na produced ng South Korean entertainment company HYBE kaya pasok na siya sa bagong girl group na Katseye. *(buong artikulo sa pahina 4)*

## DPWH PATULOY SA DREDGING PARA MATUGUNAN ANG PAGBAHA PAHINA 2

## GUANGZHOU ICEBERG TUTULONG SA 'PINAS PARA SA ZERO CARBON NEUTRALITY PAHINA 3

## PONDO PARA SA MENTAL HEALTH PROGRAM PINADADAGDAGAN PAHINA 2



(Larawan mula sa The New York Times)

# 'HATIIN ANG PSF SA MGA BULNERABLENG MUNISIPALIDAD' — DELA CRUZ

MALAKANYAN, Maynila – Bilang reaksyon sa kahilingan ni Eastern Samar governor Ben Evardone's kay Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. Marcos na tulungan ang mga local government unit (LGU) para magkaroon ng access sa People's Survival Fund (PSF), muling hinayag ni Climate Change Commissioner Albert Dela Cruz Sr. ang kanyang posisyon ukol sa usapin para isulong ang pagbabahagi ng PSF sa mga fifth, sixth, fourth, third at second class municipality sa bansa. *(sundan sa pahina 3)*


Ang pahayagang ito ay tumatanggap ng mga Pampublikong Anunsiyo, maari lamang mag-email sa publiko.news@gmail.com

EDITORIAL

# NUCLEAR ENERGY




**SA kanyang latest trip sa Esrados Unidos, pinagmalaki ni Pangulong ang paglagda sa mga kasunduan sa mga kompanya sa Amerika ukol sap ag-develop ng nuclear power sa Pilipinas.**

Gayun man, sa pagsulong ng inisyatibong ito, kailangang matiyak ng punong ehekutibo ang full transparency at magkaroon ng sapat na impormasyon ang publiko ukol dito. Ito ay para maiwasan na maging isang 'white elephant' ang anumang proyekto tulad ng naipasarang nuclear power plant sa Bataan na pinatayo ng ama ni PBBM na yumaong dating Presidente Ferdinand Edralin Marcos.

Sa unang administrasyong Marcos, isa sa pinakamalaking iskandalo ay may kaugnayan sa 620-megawatt Bataan Nuclear Power Plant. Sinasabi na nagbigay ang BNPP builder na Westinghouse Electric Co. kay Pangulong FM ng US$80 milyon bilang 'goodwill' para makuha ang kontrata dito. Kaya nga nagging simbolo ang BNPP ng korapsyon at 'cronyis' noong rehimeng Marcos.

Nagkaroon din ng mga safety issue and BNPP at dahil hindi naresolba ang mga ito, hindi nakomisyon ang una at bukod-tanging nuclear power plant ng bansa. Nagkahalaga ang ang proyekto mula sa inisyal na US$500 milyon nang simulang ipatayo ito noong 1976 at tumaas pa ito sa US$2.2 bilyon para sa isang nuclear reactor nang ito'y makumpleto noong 1984.

At kasunod ng 1986 people power revolt na nagpatalsik sa mga Marcos, hindi na pinagpatuloy na mag-operate ang BNPP. Sa kabila nito, nagpatuloy pa rin ang mamamayan na magbayad sa utang na nag-pondo rito. Nakumpleto ang pagbabayad noong 2007 sa kabuuang P64.7 bilyon—P43 bilyon sa principal amortization at P21.2 bilyon sa interes.

Ngayon naman ay mukha minamataan ng administrasyong Marcos Jr. ang pagkakaroon ng nuclear power source—hindi kaya matulad ito sa BNPP?

# 'NO HELMET, NO TRAVEL' POLICY ISINULONG SA CDO

NI NOEL LONTOC



**CAGAYAN DE ORO CITY, Misamis Oriental — Nananawagan ang isang miyembro ng Sangguinang Panglungsod ng Cagayan de Oro City Council sa pamahalaang lungsod na bawiin ang inamyendang ordinansa na nagpaluwag sa pagpapatupad ng regulasyon ukol sa pagsuot ng helmet ng mga motorcycle rider sa nasabing lungsod.**

Ayon kay city councilor Roger Abaday, salungat ang Ordinance 14421-22—na nagpaluwag sa regulasyon sa paggamit ng helmet sa ilang lugar sa lungsod—sa Republic Act 4136, o ang Land Transportation Code, na kung saan naka saad ang kaukulang pagsusuot ng helmet sa mga pangunahing kalsada at maging sa mga national highway.

Isinulong ni Abaday ang pagbawi ng amyenda sa nabanggit na ordinansa kasunod ng pagkasawi ng kanyang anak habang walang suot na helmet sa isang aksidente noong nakaraang Oktubre 25, 2023.

Hinihiling din ng konsehal na ipatupad ang 'no helmet, no travel' policy na nakaangkla sa mga ordinansang pinapairal sa Cagayan de Oro City at sa buong bansa, tulad ng Traffic Code at ang R.A. 10054 o ang Motorcycle Helmet Act of 2009.

Matatandaang pinapayagan ng ordinansa ang 'relaxation' ng paggamit ng helmet sa poblacion sa uptown area ng lungsod at iba pang mga lugar na . is observed.

Isinabatas din ito bilang pagtugon sa mga drive-by na pamamaril na isinasagawa ng mga motorcycle-riding na salarin na nagsusuot ng mga full-face helmet para hindi sila makilala o maikubli ang kanilang pagkakakilanlan.

# PONDO PARA SA MENTAL HEALTH PROGRAM PINADADAGDAGAN

NI RIC SAKAI III

**SENADO, Lungsod Pasay — Hiniling ni Sen. Bong Go sa debate sa plenaryo para sa 2024 budget ng Department of Health (DOH) noong madaling araw ng Miyerkules na dagdagan ang pondo para sa mental health programs ng bansa.**

Bilang chairperson ng Senate committee on health, binuksan ng senador ang kanyang interpelasyon sa isang pagtatanong tungkol sa kasalukuyang estado ng mental health coverage sa ilalim ng Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth).

"How much is the current PhilHealth coverage for mental health cases? Do they have outpatient coverage? What is the plan of PhilHealth for the benefit packages for mental health cases and consultation?" Iginiit ang kahalagahan ng mental health, sinabi ng senador na hindi dapat kalimutan ang sapat na pondo para rito lalo na sa panahon ngayon na maraming krisis na kinakaharap ang ating mga kababayan.

Sa panig ni Senador Pia Cayetano, senior vice chairperson ng Senate committee on finance, pinagtibay niya na may inilaang budget para sa mental health, nagkakahalagang P4.77 bilyon. Sumasaklaw ito inpatient at outpatient services.

Binigyang-diin ang mga alokasyon ng badyet para sa mental health, sinabi ni Go na "Noong 2023, P1.9 bilyon ang kasama sa budget para sa mental health program ng DOH. Sa 2024 National Expenditure Program (NEP), ang proposed budget ay P683 milyon.

Ayon kay Go kailangang lalo pang pagbutihin at palawakin ang mga programa sa kalusugang pangkaisipan.



**Si Senador Christopher Go.** ***(Larawan mula sa tanggapan ni SGB)***

"Sana po'y madagdagan ang budget para sa mental health," ani Go.

Itinutulak ng senador na maipasa ang kanyang panukalang Senate Bill No. (SBN) 1786 na layong atasan ang mga public higher education institutions (HEIs) na magtatag ng Mental Health Office sa mga kampus.

Aatasan din ang mga institusyong pang-edukasyon na itaas ang kamalayan sa mga isyu ng mental health, magbibigay ng suporta at serbisyo sa mga indibidwal na nasa panganib, at access sa pasilidad sa pamamagitan ng pagbuo ng mga mekanismo upang higit na bigyang kapangyarihan ang mga institusyong pang-edukasyon sa pagtataguyod ng mental health ng mga mag-aaral.

# DPWH PATULOY SA DREDGING PARA MATUGUNAN ANG PAGBAHA

NI TRACY CABRERA



**PORT AREA, Maynila — Patuloy na nagsasagawa ang Department of Public Works and Highways-Central Luzon (DPWH-3) ng mga dredging operation sa mga heavily silted river channel sa iba't ibang bahagi ng bansa, particular na sa Bulacan at Pampanga, upang matugunan at mabawasan ang problema ng pagbaha sa nabanggit na lalawigan.**

Ayon kay DPWH-3 regional director Roseller Tolentino, nagsasagawa sa ngayon ang Regional Equipment Management Division (EMD) ng mga dredging work sa tatlong lokasyon sa mga bayan ng San Simon at Sto. Tomas sa Pampanga at gayun din sa Bulacan.

Tinukoy ni Tolenino na nakapag-deploy na ang DPWH-3 ng K9-01 vegetation dredge sa Barangay Sta. Monica sa San Simon; K4-24 amphibious excavator sa Tulaoc River, sa San Simon din; K3-15 multi-purpose amphibious dredge sa Barangay Federosa sa Sto. Tomas upang malinis at maisaayos ang mga daluyan ng tubig at ilog sa nag-accumulate na burak at silt upang mabawasan ang mga pagbaha sa panahon ng matitinding pag-ulan.

"The dredging activities in Pampanga are part of DPWH's efforts to mitigate flooding, prompted by a recent flooding incident at the San Simon Section of the North Luzon Expressway where water from the Pampanga River flowed into the expressway, particularly under Tulaoc Bridge," pinunto ng opisyal.

Samantala, kasunod ng direktiba ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Romualdez Marcos Jr. para sa masusing pag-aaral ng panukalang pagpapatayo ng isang impounding system sa Candaba, Pampanga, nagpahayag ng suporta si Climate Change Commissioner Albert Dela Cruz Sr. para ituring ang proyekto na makakatulong sa pagresolba ng problema na matinding pagbaha sa Gitnang Luzon.

Sa pakikipagpulong sa mga lokal na opisyal, binigyang halaga ng punong ehekutibo ang pag-aaral ng panukala bilang pangmatagalang solusyon sa problema ng pagbaha sa Pampanga at mga kalapit na lalawigan habang tinugon din ang pangamba ng mga local government unit (LGU) ukol sa magiging epekto nito sa kabuhayan ng mga tao sa lugar, partikular na ang mga nagsasaka ng palay sa Pampanga, Nueva Ecija, Tarlac at Bulacan.

Ang Candaba impounding system project ay panukala ni dating Department of Public Works and Highways (DPWH) secretary Rogelio Singson noong 2013 subalit tinutulan ito ng mga lokal na opisyal dahil naniniwala ang mga ito na ang proyekto ay makakaapekto sa mahigit 9,000 residente ng Candaba na ang pamumuhay ay maaaring mapasama dahil whose lives would be drastically disrupted because wala umanong tinakdang aksyon para sa kanilang kapakanan.

Sa kabila nito, tinugon ng Pangulo ang mga agam-agam ng mga local government chief executive (LGCE) na tumukoy sa posibleng mga epekto ng proyekto sa kanilang nasasakupan.

"Do not worry when it comes to the LGUs. Kayo naman ay hindi namin basta . . . sasagasaan na lang iyong project. Hindi namin gagawin iyon (We will not let the project affect you. We will not do that)," wika ni Marcos sa pakikipagpulong sa mga LGU.

Tiniyak in ng punong ehekutibo na yaong maapektuhan ng panukalang impounding system ay mabibighyan ng relokasyon na kung saan ay mabibigyan sila ng sapat na ayuda mula sa gobyerno.

Ayon naman kay Commissioner Dela Cruz, nagsabi ito ng kanyang pagnanais na maging bahagi ng technical working group (TWG) ng proyekto o dili kaya'y maging consultant sa pagsasagawa ng pag-aaral upang masiguro na ang pagpapatupad at pagpapatayo ng impounding facility ay hindi lamang makakapawi sa problema ng pagbaha kundi pakikinabangan ng lahat.

Dinalaw kamakailan ng opisyal ang Marawi City sa Lanao del Sur, na kung saan ay nakipagpuylong siya sa mga opisyal dito para gawin ang kilalang sentro ng kalakalan na isang 'Ecopolis' o Green City, at sa ngayon ay nasa Iligan City siya sa Lanao del Norte para himukin ang mga estudyante at kabataan na aktibong makilahok sa inisyatibo ng pamahalaan na matugunan ang epekto ng climate change at global warming.

Binalangkas niya na ang pagpapatayo ng impounding system facility sa Candaba, o ang tinagurian niyang total water ecosystem, ay makakatulong sa pagpigil sa pagbaha kundi magiging karagdagang water source para sa National Capital Region (NCR) at mga karatig lugar.

"Makakatulong din ito sa pamngangalaga ng ating biodiversity sa Candaba swamp at maaaring din itog maging lugar para sa ecotourism tulad ng La Mesa Nature Reserve sa Quezon City," pinunto ni Dela Cruz.

Publiko NEWS PUBLISHING

Impormasyon at Dokumentaryo

**PUBLIKO NEWS PUBLISHING is a weekly newspaper in general circulation, published evey Monday. This publication is under the management of MARK ANTHONY B. CAIÑA, the Publisher/ Editor-in-Chief.**

**This publication is duly registered under DTI No. 5190105 (National).**

**Advertising/ Sales and Editorial Office is located at 109 P. Zamora St., Brgy. 15, District II, Caloocan City, Metro Manila.**

# MASAYA ANG PASKO SA MAYNILA

**BAGONG BARRIO, Lungsod Kalookan — Pinangunahan ni Manila mayor Dra. Maria Sheilah 'Honey' Lacuna-Pangan ang sabayang pagsisimula ng Kapaskuhan sa lungsod sa pamamagitan ng magkakaparehong gawain sa iba't-ibang bahagi ng kabisera ng bansa.**

Sa kanyang mensahe sa programa na ginawa sa pagpapailaw ng higanteng Christmas tree at parol sa Kartilya ng Katipunan sa tabi ng Manila City Hall, ay inanunsyo din ni Lacuna na ang pamahalaang lungsod ay magsisimula na ng kanilang 12 days of Christmas ngayong Disyembre 1, 2023.

Labingdalawang araw umanong lilibot ang alcalde sa iba't-ibang sulok ng Maynila upang muling maghatid ng kalinga sa lahat ng pamilyang Manilenyo sa pamamagitan ng mga ipapamahaging Christmas food boxes. Gayundin, kasunod noon ang pamamahagi naman ng mga Christmas gifts para sa mga senior.

Ang alkalde ay sinamahan sa lighting ceremony nina vce mayor Yul Servo-Nieto, Manila representative Joel Chua at city councilor Rolan Valeriano, Ernix Dionisio, Benny Abante, Irwin Tieng at Edward Maceda at gayun din ang iba pang mga opisyal ng lungsod.

Bukod pa sa pagpapailaw ng Christmas tree sa tabi ng City Hall, ang mga sumusunod na tanggapan ay ay nagpailaw na din ng kanilang Christmas decorations nang sabay-sabay: National Museum, Bangko Sentral ng Pilipinas, National Parks Development Committee, Intramuros Administration na nagpaliwanag sa Palacio Del Gobernador-Fort Santiago-Plaza Roma and Ayuntamiento de Manila at ang National Commission for Culture and the Arts na nagbigay liwanag din sa the Metropolitan Theatre.

Ayon kay Lacuna, "ang ilaw ay simbolo ng pag-asa na ang lahat ng ating mga adhikain sa buhay ay magkaroon ng katuparan kaya hinahangad na sa susunod na taon ay maipagpatuloy at mapalawak pa natin ang kakayahang makapaghatid ng kaayusan, kasiglahan at kaunlaran para sa mga Manilenyo."

Sa Maynila—ang saya-saya . . . Sana all! ***(Danny Singh)***

# WEIGHT-LOSS DRUG MAKAKAIGI SA MAY MGA KARAMDAMAN SA PUSO

**CLEVELAND, Ohio — Napaulat na nababawasan ang banta ng seryosong problema sa puso ng popular na weight-loss drug na Wegovy ng aabot sa 20 porsyento, batay sa malawakang international study ng mga eksperto sa Estados Unidos.**

Ang isinagawang pag-aaral ay kauna-unahang nakapagdokumento ng isang obesity medication ay hindi lamang nakakabawas ng timbang kundi nakakapigil din ng atake sa puso, stroke o heart-related na kamatayan sa mga taong may karamdaman sa puso—hindi nga lang kasama ang diabetes.

Ang resulta ng pag-aaral ay maaaring makapagpabago sa pananaw na ang bagong uri ng mga obesity drug ay mga cosmetic treatment lang at nakakapagbigay ng pressure sa mga health insurers na sakop nila.

"It moves from a kind of therapy that reduces body weight to a therapy that reduces cardiovascular events," paliwanag ni Cleveland Clinic heart expert Michael Lincoff, na tumayong lead author ng pag-aaral.

"Wegovy is a high-dose version of the diabetes treatment Ozempic, which has already been shown to reduce the risk of serious heart problems in people who have diabetes. The new study looked to see if the same was true in those who don't have that disease," dagdag ni Lincoff.

Sa nakalipas, napagalaman na ng mga espesyalista na ay weight loss o pagpapababa ng timbang ay nakakapagpabuti sa kondisyon ng puso, subalit wala pang napatunayang ligtas at epektibong obesity medication program na nakakabaewas sa mga specific risk, ayon naman sa heart expert na si Francisco Lopez-Jimenez.

Gayun pa man, inaasahan ni Lopez-Jimenez na ang bagong findings ay makakapagpabago ng mga treatment guideline.

"This is the population who needs the medicine the most," punto nito.

# GUANGZHOU ICEBERG TUTULONG SA 'PINAS PARA SA ZERO CARBON NEUTRALITY

**SAN FERNANDO, Pampanga — Sa pagpapahalaga sa pagbabawas ng carbon upang makatugon sa masasamang epekto ng climate change at global warming, nakipagpulong si Climate Change Commissioner Albert Dela Cruz sa Guangzhou Iceberg Environmental Consulting Services para sa posibleng kolaborasyon sa pagsulong ng mga carbon emission reducing project sa Pilipnas.**

Nag-courtesy call si Guangzhou general manager Ji Bao kay Commissioner Dela Cruz upang ipanukala ang posibleng pakikipagtambalan na magpapalawig sa mga inisyatibo ng bansa sa carbon reduction sa pamamagitan ng mga proyektong tulad ng forestry carbon sink, hydropower at wind power station at biogas utilization.

Tinukoy din ni Bao na magmula sa United Nations Framework Convention on Climate Change (UNFCCC) noong 1992, hanggang sa Kyoto Protocol noong 1997 at sa Paris Agreement noong 2015, ang modelo sa pagsulong ng global carbon reduction sa pamamagitan ng mga market mechanism ay unti-unting naitatag sa sa nakalipas na tatlong dekada.

Sa China, kanyang binanggit, makaraang opisyal na hinayag ng pamahalaan ang dual carbon goals nitong nakaraang taon, 'naging matunog ang 'carbon emissions trading' at bago rito, ilang mga pioneer ang nakapagsimula na isagawa ito, kabilang na ang Guangzhou Iceberg.

Dating volunteer teacher si Bao sa isa sa pinakamalaking slum area sa mundo na matatagpuan sa Kenya at makaraang makabalik sa China, nagtrabaho siya bilang market director ng Guangzhou Carbon Emissions Exchange.

Buwan ng Abril 2020 nang binuo niya na kasama ang business partner niyang si Han Jin ang Guangzhou Iceberg Environmental Consulting Services sa layuning makamit ang carbon emission reduction sa pag-operate ng mga livelihood assistance project sa mga nangangailangan, at ikalakal ang carbon credits sa mga international carbon market para masustena ang pamumuhunan sa kanilang mga poverty alleviation project.

Sinabi naman ni Commissioner Dela Cruz na welcome sa kanya ang ideya ng pagsulong ng mga carbon emission reducing project sa Pilipinas dahil kabalikat nito ang mga inisyatibo ng ating pamahalaan na makamit ang net zero carbon neutrality.

"While much of the global economy has committed to reaching net-zero emissions, a closer look has yet to be done on how Philippine businesses can take concrete actions and veer away from potential green wash. This can be done by forging partnerships and the exchange of know-how and technologies as well as financial sources that would accelerate our private sector in its net-zero journey of achieving carbon neutrality as a transition to net zero by 2050," pinunto ni Dela Cruz. ***(JT Leonardo C. Santos)***

# KILLER QUAKE...

MULA SA PAHINA 1

Bukod sa National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC), inatasan na ang militar, pulisya, Philippine Coast Guard (PCG) at Bureau of Fire Protection (BFP) na magsagawa ng mga support response activity para sa mga komunidad na naapektuhan ng matinding pagyanig.

Hindi bababa s apitong katao ang nasawi sa tinatayang 6.8 magnitudena earthquake na puminsala sa mga imprastraktura at nagbunsod ng mga power cut habang libu-libong katao ang nilisan ang kanilang mga tahanan.

Inatasan agad ni Pangulong Marcos Jr. ang lahat ng ahensya ng pamahalaan na magbigay ng agarang tulong sa mga biktima ng sakuna na tumama sa Sarangani sa Davao Occidental.

Lumahok si Vice President 'Inday' Sara Duterte-Carpio sa isinagawang pagpupulong kasama si executive secretary Lucas Bersamin para sap ag-review ng ginagawang tugon ng iba't ibang sangay ng gobyerno, partikular na ang Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP), PCG, Department of Interior and Local Government (DILG) at iba pa.

Kabilang sa mga nasawi sa lindol ay isang babae na nadaganan sa isang mall at dalawa pang naipit sa bumagsak na haligi sa General Santos City, isang lalaki na hulugan ng bakal na istraktura at dalawang miyembro ng isang pamilya na natabunan sa landlside sa Glan at isa pang biktima sa Glan at Malapatan sa Sarangani.

Sa Davao Occidental, isang matandang lalaki ang nasawi nang mabagsakan ng isang malaking baton a gumulong sa kanyang bahay.

Ayon sa Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs), ang pagyanig ay malamang na nagmula sa paggalaw ng lupa sa kahabaan ng Cotabato trench.

# DELA CRUZ NAGPRISINTA NG CLIMATE AGENDA SA YOLANDA ANNIVERSARY

SANTO DOMINGO, Lungsod Quezon — Sa paggunita ng ika-10 anibersaryo ng super typhoon Yolanda (international name Haiyan), pinangunahan nina Climate Change Commissioner Albert Dela Cruz Sr. at mga environment advocate at stakeholders ang wreath laying ceremony sa dambana ng pambansang bayani Dr. Jose Rizal sa Rizal Park kasunod ng pagsindi ng mga kandila bilang pag-alaala sa mga biktima ng nasabing sakuna na ikinamatay ng mahigit 6,000 katao.

Tinanghal ni Commissioner Dela Cruz ang paggunita upang ihayag sa mundo ang agenda ng Climate Change Commission (CCC) ukol sa climate action at disaster resilience na kumakatawan sa adhikaing maisulong ang mitigation at adaptation bilang pamamaraan ng pagtugon sa climate change bago sa ika-28 Conference of the Parties to the United Nations Framework Convention on Climate Change (COP28) na nakatkdang ganapin sa Nobyembre 30 hanggang Disyembre 12, 2023 sa Expo City Dubai.

Sumama sa aktibidad ang ilang mga partner ng CCC, kabilang ang Rotary Club of Makati Business District na pinangunahan ng presidente nitong si Maricella 'Mache' Torres-Ackerman at ang Brotherhood of Brave Maharlikan (BBM) Tigers na pinamunuan ng bagong national president ng organisasyon na si Apo Musang Abel Macarimpas.

Sa pagbigay pansin sa COP28 bilang international climate summit na kung saan ang mga lider ng mundo ay nagkakaisa para bumalangkas ng mga solusyon sa mga problemang dulot ng climate change, tinukoy ng opisyal na ang halaga ng pagkakaroon ng isang worldwide platform para sa pakikibahagi at kolaborasyon sa pagtugon sa mga hamong dala ng nagbabagong klima at global warming.

Kalakip sa nabanggit na agenda ng climate action at disaster resilience na isinusulong ni Dela Cruz ang sumusunod:

Adhikain para sa mga community-centered platform na nakasalalay sa edukasyon at partisipasyon nbg kabataan sa climate action at disaster resilience;

Pagbuo ng epektibo, inclusive at accessible na paglalahad ng impormasyon kaugnay ng klima at kapaligiran;

Pagtatag ng mental health support network sa mga kabataan na kalahok sa climate action at disaster resilience;

Pagtatag ng mga resilient community na epektibong makakapigil, makakapaghanda at makakatugon sa mga sakuna aty epekto ng climate change;

Pagtatag ng inclusive, accessible at ligtas na mga lugar para sa lahat ng mga vulnerable sector;

Pagpapatupad ng ridge-to-reef nature-based na mga solusyon na nakaugnay sa kabataan;

Bigyang kapangyarihan ang kabataan na magsagawa ng aksyon at aktibidad tungo sa inclusive, accessible, just at regenerative na sistema ng agrikultura at pamamalakaya;

Bigyang kapangyarihan ang kabataan para isulong ang accessible, just at sustainable renewable energy at aquatic resources;

Palaguin ang partispasyon ng kabataan sa masigasig na partisipasyon sa mga polisiya at programa ng epektibong waste management;

Paglikha ng ligtas at enabling environment para sa mga indigenous people at lokal na komunidad (IPLC) at mga environmental defender sa pamamagitan ng proteksyon at makabuluhang gawain at pagpapalakas ng kultura; at

Pagsuporta sa micro, small at medium enterprises (MSME) na nagsusulong ng eco-conscious na mga pagnenegosyo tungo sa isang circular economy. ***(Karin Ceara Cabrera-Sakai)***

# 'HATIIN ANG...

MULA SA PAHINA 1

Bago rito, hiniling ng gobernador ng Eastern Samar governor sa Office of the President na tumulong sa facilitation ng accessibility para sa mga LGU sa multi-bilyong pisong PSF upang matulungan ang mga ito na matugunan ang kanilang mga problema sanhi ng climate change concerns. Hinayag ni Evardone ang kanyang apila sa pagpupulong na dinaluhan ng mga gobernador at alkalde mula sa Eastern Visayas sa 'Handa Pilipinas' Visayas Leg na isinagawa sa Summit Hotel sa Tacloban City.

Isinabatas ang PSF sa ilalim ng Republic Act 10174 noong taong 2012 na nakapaloob ang long-term finance stream na magbibigay daan sa pamahalaan na matugunban ng mga LGU ang mga epekto ng climate change at global warming. Nagbigay daan din ito sa mga LGU na magkaroon ng access sa pondong makakadagdag sa kanilang resources para sa pagpapatupad ng mga climate change-related na proyekto.

Alinsunod dito, tinukoy ni Commissioner Dela Cruz na ang limang bilyong pisong alokasyon na dapat sana'y naipamahagi sa nakalipas na limang taon ay kailangang hatiin sa mga munisipalidad na tinaguriang pinakabulnerable sa mga climate risks dulot ng mga epekto ng climate change at global warming sa kapaligiran.

"Dapat na jointly supervised ito ng CCC (Climate Change Commission), Department of of Science and Technology (DoST) at gayun din ang Department Agriculture (DA) sa ilalim ng Adaptation and Mitigation Initiative in Agriculture (AMIA) ng ahensya bilang technical partner," aniya.

Sa huli, pinunto ni Dela Cruz na dahil ang AMIA ay isang existing program na binatay sa available science as provided sa ilalim ng nasabing programa, hindi na kailangan ang feasibility study nba requirement ngayon para maka-avail ng PSF.

"Bilang dating municipal servant, alam ko kung ano ang nararamdaman ng mga LGU ukol sa PSF na naging isang thesis writing contest at salungat sa konteksto ng isang climate emergency. Ang totoo'y nararapat na nakapaloob dito ang transparency, accessibility at urgency. Ito ang dahilan kung bakit inulit ko ang aking posisyon sa budget hearing sa sub committee level na mas mainam na ibalik ang PSF secretariat sa CCC gaya ng nakasaad sa batas at hindi sa Department of Finance (DoF) at para na rin makakapag-update ang CCC sa mga LGU ukol sa kanilang mga aplikasyon sa CCC Website.

"Gayun man, miyembro lamang ang CCC sa PSF Board, na kinakatawan ng Executive Director. Sa ganitong kalagayan, ang PSF ay wala sa full jurisdiction at discretion ng CCC dahil ang Board ang gumagawa ng mga desisyon, kasama ang DENR (Department of Environment and Natural Resources), NEDA (National Economic Development Authority), DBM (Department of Budget and Management), DoF, PCW (Philippine Commission on Women) at DILG (Department of Interior and Local Government), at gayun din ang academe, scientific community at mga NGO (non-government organization) sa ilalim ng chairmanship ng kagawaran ng pananalapi," pagtatapos nito. ***(Tracy Cabrera)***

# 'CULTURE OF IMPUNITY'

*Murder is always a mistake. One should never do anything that one cannot talk about after dinner.*

**— Irish poet and playwright Oscar Wilde**

MAYPAJO, Lungsod Kaloo-kan — Sunud-sunod na naman ang mga insidente ng patayan sa bansa at marami ang nababahala dahil para bang walang magawa ang ating pambansang pulsya para mapigilan ang mga ito habang ang mga kriminal na nagsasagawa ng mga krimen ay hindi man lang nagpakita ng takot na sila'y mahuhuli o mapapanagot sa kanilang paghahasik ng lagim sa ating mga lansangan.

Kaya nga pinapakilos ni Senate Majority Leader Joel Villanueva ang Philippine National Police (PNP) na gumawa ng seryosong hakbang laban sa walang pakundangang patayan na tila baga'y bahagi na ng ating pang-araw-araw na buhay at balita sa ating mga pahayagan at social media.

Sa deliberasyon para sa panukalang 2024 budget ng PNP, nagpahayag ng pagka-alarma ang senador sa mga Patayan, na ayon naman sa PNP ay kinokonsidera nilang mga "isolated cases" lang na hindi dapat maglikha ng agam-agam sa publiko.

Subalit pinunto ni Villanueva na ang hayagang pagpatay sa harap ng lahat ay kailanma'y hindi nangyari dati kaya kailangan nang gumawa ng seryosong aksyon ang pambansang pulisya ukol sa usapin. Partikular na tinukoy ng Senate Majority Leader ang lantarang pagpatay sa mag-live-in partner sa loob mismo ng isang bus sa Nueva Ecija, na nakunan pa ng CCTV at nag-viral sa social media.

Umaasa umano si Villanueva na makakakuha ang Senado ng karampatang ulat at development report kaugnay sa naturang kaso at kung mayroon mang kasong naisampa na ang mga awtoridad.

Nagpahayag din ng pagkaalarma si Senate President Juan Miguel Zubiri sa serye ng patayan sa bansa na nagiging 'black eye' sa imahe ng ating bansa sa international community.

Ang ganitong kalagayan ay muling bubuhay sa pananaw na umiiral dito sa Pilipinas ang 'culture of impunity' dahil na rin sa walang pakundangang patayan sa ating mga lansangan. ***(Tracy Cabrera)***

VOL.I NO.16 * NOBYEMBRE 27 - DISYEMBRE 3, 2023

Publiko

iP NEWS

PUBLISHING

PUBLIKO NEWS PUBLISHING IS A WEEKLY NEWSPAPER IN GENERAL CIRCULATION, PUBLISHED EVERY MONDAY.

PUBLIKO NEWS PUBLISHING accepts contributions from anyone who may want to share their opinions, stories, experiences and other interesting matters.

All articles submitted to PUBLIKO NEWS PUBLISHING are those of author's opinions and do not constitute our endorsement nor reflect the views of the Publisher. Email us at publiko.news@gmail.com

PUBLIKO NEWS PUBLISHING does not warrant or assume any expressed therein by the authors, writers or contributors. All articles are subject to editing to comply with the editorial policies and directions of this publication.

Materials here may not be reproduced, copied in any form of by any means without written permission from the Publisher.

The opinions and ideas expressed by the writers or contributors do not reflect the opinion of this publication and its management.

# P37.1-B NINAKAW SA GOBYERNO



LTO chief Atty. Vigor Mendoza II. (Larawan mula sa Daily Tribune)

**DILIMAN, Quezon City — Dahil sa kapabayaan o sadyang pag-iwas na magbayad ng ilang mga may-ari sa rehistro ng kanilang mga sasakyan sa mga nakalipas na taon, umabot sa mahigit ₱37.1 nilyon ang nawala sa government revenue.**

Ito ang hinayag ni Land Transportation Office (LTO) chief Atty. Vigor Mendoza II nang makapanayam ukol sa usapin ng mga napaulat na paglipana ng maraming mga sasakyan, particular na ang mga motorsiklo, na hindi rehistrado.

At para maresolba ang problemang ito, sinimulan na ng LTO ang mahigpit na pagpapatupad ng dati pang regulasyon sa ilalim ng 'No Registration, No Travel' policy ng ahensya.

Batay sa datos ng LTO, lumilitaw na 65 porsyento ng mga sasakyan naglalakbay sa mga kalsada ay klasipikadong 'delinquent' dahil nabigo ang may-ari ng mga ito na iparehistro ang mga ito gaya ng nakasaad sa batas.

Umaabot sa 24.7 milyon ng 38.3 milyon sasakyan sa bansa ang nangangailangang maparehistro sa LTO, o 35 porsyento sa lahat na mga registered motor vehicle.

Sa nasabing bilang, aabot sa ₱18.4 bilyon ang revenue loss mula sa mga four-wheel vehicle, ₱15.5 bilyon sa mga motorsiklo at ₱₱3.25 bilyon sa mga truck at bus.

"We need to be strict about this, not only in the aspect of revenue losses to the government but also in the aspect of road safety because most of these delinquent vehicles probably have roadworthiness issues. We will not allow this. Every vehicle owner must register their vehicle, and what we will focus on today is strict compliance with this obligation," punto ni Mendoza.

"These motor vehicles are threats to road safety. We have to be very strict in implementing the laws on land transportation to make it fair to the law-abiding vehicle owners and for the welfare of the road users," dagdag pa ng hepe ng LTO.

Batay sa LTO database, ang National Capital Region ang may pinakamataas na bilang ng mga delinquent motor vehicle owner sa napatalang 4.1 milyon, kasunod ang Region III na may 3.3 milyon at Region IV sa 2.7 milyon.

Sa Kabisayaan, napatalang 1.8 milyon ang mga delinquent motor vehicle sa Region VI at Region VII habang ang Region VIII ay napaulat na mayroong 758,000.

Sa Mindanao, ang Region XI ang nangunguna sa mga delinquency sa bilang na 1.2 milyon, kasunod ang Region XII na may 1.1 milyon at pareho ang Region IX na umaabot sa tig-isang milyon ang mga delinquent vehicle. ***(Noel Lontoc)***

# Wika ng Diyos

**Nanakawan baga ng tao ang Dios? gayon ma'y ninanakaw ninyo ako. Nguni't inyong sinasabi, Sa ano ka namin ninakawan? Sa mga ikasangpung bahagi at sa mga handog. Kayo'y nangagsumpa ng sumpa sapagka't inyo akong ninakawan, sa makatuwid baga'y nitong buong bansa. Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan.**

**– Malakias 3:8-10**

# SOPHIA LAFORTEZA PASOK SA BAGONG GIRL GROUP NA KATSEYE



**NAPABILANG ang umuusbong na Pinay pop singer na si Sophia Laforteza sa sumisikat na Katseye, ang pinakabagong ultimate global girl group na inilunsad ng Geffen Records at HYBE na siyang entertainment company ng K-pop boyband na BTS.**

Batay sa resulta ng botohan ng reality television show na 'The Debut: Dream Academy', si Sophia ang nakakuha ng pinakamataas na boto sa parehong 'Early at Live' na botohan.

"I can't even put it into words but I've worked so hard to be here and I appreciate everybody who has voted for me and has supported me since day one," pasalamat ng pop singer sa mga bumoto sa kanya.

"My family, my friends, my sonnies, I wouldn't be here if it wasn't for you guys. Thank you to everybody in this whole project for believing in me and for allowing me to grow. I'm so grateful," dagdag pa nito.

Nungusan ng 20-anyos na bagets ang siyam na finalists na mula sa iba't ibang bansa sa 'The Debut: Dream Academy'.

Umabot siya sa finals ng tagisan ng talento matapos niyang lampasan ang tatlong misyon. Sa unang misyon ay ipinamalas niya ang malakas niyang boses sa pag-awit ng 'Still Into You' ng Paramore upang pumangalawa.

Nanguna naman siya sa ikalawang misyon matapos magtanghal ng 'Antifragile' ng Le Sserafim kasama ang tatlo pang kalahok.

Tumuloy siya sa live finale na yugto ng Dream Academy nang muli siyang manguna sa ikatlong misyon.

Makakasama ni Laforteza sa Katseye sina Lara Raj, Daniela Avanzini at Megan Skiendiel mula sa Amerika, Yoonchae Jeong ng South Korea, at Manon Bannerman ng Switzerland.

Ayon sa ulat, si Sophia ay anak ng theater actress na si Carla Guevara Laforteza. ***(Gen Pedrozo)***

# ALEX EALA, NAGWAGI NA NAMAN SA LUXEMBOURG



File photo ni Pinay tennis ace Alex Eala. (Larawan mula sa Tiebreaker Times)

**LUXEMBOURG — Muling pinatunayan ng Pinay tennis ace Alexandra 'Alex' Eala na siya ang pangunahing tennister ng bansa makaraang mapagtagumpayan ang isa sa kanyang dalawang laban sa International Tennis Federation (ITF) W40 Kyotec Open sa Luxembourg.**

Sa women's singles event, ang two-time Asian Games bronze medalist ginapi ang pambato ng Germany Angeline Wirges sa two sets,6-3,6-2, sa round of 32.

Makakatapat ni Eala si Johanne Christine Svendsen ng Denmark sa round of 16.

Sa doubles event, Eala at kanyang partner, Turkeys Zeynep Sonmez, dinaig ang pares nina Anita Wagner ng Bosnia at Herzegovina at Katarina Kozarov ng Serbia sa two sets, 6-2, 6-1, sa quarterfinals. ***(Noel Lontoc)***

# NIGHTMARE VS. MONSTER

**MAYPAJO, Caloocan City — Ano kaya ang mangyayari kapag nagharap ang 'Monster' at ang katunggaling tinaguriang 'Nightmare'?**

Magaganap ito sa susunod na buwan sa ika-26 sa Tokyo sa paghamon ng ating mandirigmang mula sa Lanao del Norte na si Marlon Tapales sa wala pang talong kampeon ng Hapones na si Naoya Inoue sa Ariake Arena para sa undisputed world super-bantamweight crown sa harap ng inaasahang mammoth crowd na aabot sa 15,000 mga boxing fan.

At kung nais ang pinakamagandang puwesto para panoorin ang bakbakan, maghanda ng Y220,000 ang mga kampeonato ng World Boxing Council (WBC), World Boxing Association (WBA), World Boxing Organization (WBO) at International Boxing Federation (IBF).

Kung magwawagi si Tapales, ang ating kababayan ang magiging kauna-unahang 'undisputed champion' ng mundo, isang bagay na kahit ang ating Pambansang Kamao Manny Pacquiao, kampeon ng walong world titles sa walo ding weight class, ay hindi nagawa sa kanyang maalamat na career sa boxing.

Para masaksihan ito, maaaring mas naisin ng iba ang murang ticket kaysa sa premium seat para mapanood ang digmaan, kaya puwedeng mag-downgrade ang mga fight fan sa Y110,000 (P40,500), Y77,000 (P28,286), Y22,000 (P8,100) at sa pinakamurang Y11,000 (P4,050).

Hawak ng power-hitting na si Inoue ang unbeaten record na 25 panalo, kasama ang 22 knockout, para angkinin ang titulo ng WBC at WBO.

Sa kabilang dako, ang kaliweteng si Tapales, na dala ang 37-3 record, kasama ang 19 na knockout, ay ipaparada ang kanyang titulo mula sa WBO at IBF.

Si 'Monster' Inoue ang heavy favorite sa 12-rounder subalit hindi puwedeng balewalain si Tapales dahil sa malawak nitong karanasan at undefeated record sa Land of the Rising Sun. ***(Heidi Nicodemus)***

Ang pahayagang ito ay tumatanggap ng mga Pampublikong Anunsiyo, maari lamang mag-email sa publiko.news@gmail.com